

Form ng Aplikasyon ng Programang Rebate Ng Illinois Para Sa Mga Electric na Sasakyan Siklo
ng Aplikasyon ng Hulyo 1, 2022



Ang mga rebate sa ilalim ng programang ito ay nakasalalay sa pagkahanda ng pondo. Ang mga aplikasyon na hindi mabasa, hindi kumpleto, o nahuli ay tatanggihan.

Ang aplikasyon sa rebate na ito kasama ang mga kinakailangang impormasyon at dokumentasyon ay dapat ipadala sa koreo sa address sa ibaba at ma-postmark sa loob ng 90 araw pagkalipas ng petsa ng pagbili ng sasakyan.

HINDI tatanggapin ang mga aplikasyong ginawa sa pamamagitan ng fax, email o personal na dinala. Ang mga aplikasyon ay dapat i-print at ipadala sa address sa ibaba at nagtataglay ng postmark.

Illinois Environmental Protection Agency
Electric Vehicle Rebate Program MC #40
P.O. Box 19276
Springfield, Illinois 62794-9276

Seksiyon 1: Impormasyon ng Aplikante

Pangalan: _____
(Pangalan) (Gitnang Pangalan) (Apeyido)

Pisikal na Address: _____
(Numero at Kalye, **hindi puwede ang P.O. Box**) (Lungsod) (Zip)

Address ng Koreo (kung naiiba): _____
(Numero at Kalye o P.O. Box) (Lungsod) (Zip)

Email address (kung mayroon): _____

Pang-araw na Telepono/Cell Phone: (____) - _____ - ____
(Area Code)

Suriin ang bawat isa sa mga pahayag para tanggapin na nauunawaan at nasasapatan mo ang mga panukatan sa pagiging karapat-dapat:

- Ako, ang aplikante, ay hindi pa nakatanggap ng rebate sa ilalim ng Programang Rebate para sa Electric na Sasakyan na ito.
- Ang sasakyan na binili ko ay hindi pa nakatanggap ng rebate sa ilalim ng programang Rebate na ito para sa Electric na Sasakyan na ito. Ang sasakyan ay binili mula sa isang lisensyadong dealership sa Illinois.
- Ang sasakyan ay ihinatid sa akin at natanggap ko sa Illinois.
- Ako ang may-ari/may hawak ng titulo ng sasakyan. Ang sasakyan ay hindi inuupahan o inaarkila.
- Ako ay nanirahan sa Illinois noong panahon na binili ang sasakyan at sa panahong isinumite ang aplikasyon para sa rebate.
- Dapat kong ipaalam kaagad sa Illinois EPA ang anumang pagbabago sa paninirahan o pagmamay-ari ng sasakyan na nangyari bago ang pagpapalabas ng rebate.
- Dapat kong panatilihin ang pagmamay-ari ng sasakyan, manirahan sa Illinois, at irehistro ang sasakyan sa Illinois nang hindi bababa sa 12 magkakasunod na buwan pagkalipas ng petsa ng pagbili. Sumasang-ayon akong abisuhan ang Illinois EPA sa loob ng 60 araw ng hindi pagtupad sa alinman sa mga panukatan sa pagiging karapat-dapat na ito at kakailanganing ibalik sa Illinois EPA ang halaga ng rebate.

Seksiyon 2: Impormasyon ng Sasakyan

Mag-tsek Electric na Sasakyan

Mag-tsek BAGONG electric na sasakyan/motorsiklo na binili mula sa isang dealer sa Illinois na hindi pa kailanman naging pagmamay-ari o natituluhan

Electric na Motorsiklo

GINAMIT o PRE-OWNED na electric na sasakyan/motorsiklo na binili mula sa isang dealer sa

Petsa ng Pagbili: ____ / ____ / ____
(Buwan) (Araw) (Taon)

Make: _____ Modelo: _____ Taon ng modelo: _____
(May-gawa)

Vehicle Identification Number (VIN): _____

Ang mga rebate sa ilalim ng programang ito ay nakasalalay sa pagkahanda ng pondo

Seksiyon 3: Impormasyon ng Dealership

Pangalan ng Dealership: _____		
Numero ng Lisensya ng Dealership: _____		
Address ng Dealership: _____	_____	_____
(Kalye)	(Lungsod)	(Zip)
Numero ng Telepono ng Dealership: (____) - _____ - _____		
(Area code)		
Sertipikasyon ng Dealership: Ang impormasyong ibinigay sa Seksiyon 2 at 3 ng aplikasyong ito ay totoo at tumpak.		
Kinatawan ng Dealership: _____	_____	_____
(Lagda)		(Naka-print na Pangalan)

Seksiyon 4: Documentation

Ang mga sumusunod na item ay kinakailangang isama sa aplikasyong ito. Suriin ang lahat na item na iyong isasama.

- Kopya ng bayarin ng pagbebenta, invoice ng pagbili, o kasunduan ng pagbili mula sa isang dealership sa Illinois
- Dokumentasyon ng patunay ng pagbili, gaya ng kopya ng nakanselang tseke, invoice o bayarin na nagpapakita na nabayaran na ang naaangkop na halaga o wala nang natitirang balanse, o mga dokumento sa pautang.
- Kopya ng pagpaparehistro ng sasakyan sa Illinois
- Para sa mga aplikanteng may social security number, isang IRS W-9 Form na kasama ng pangalan, address ng koreo, at social security number. Para sa lahat ng iba pang aplikante, isang IRS W-8 Form na kasama ang pangalan, address ng koreo, at taxpayer identification number

Seksiyon 5: Sertipikasyon ng Mababang Kinikita

Para maging kuwalipikado bilang may "mababang kinikita," ang kabuuang pinagsamang kabuuang kinikita ng aplikante at ng lahat na taong higit sa edad na 18 na naninirahan sa tirahan ng aplikante at nauugnay sa aplikante sa pamamagitan ng dugo, kasal, o pag-aampon ("kwalipikado") ay hindi maaaring lumampas sa 80% ng median na kinikita ng Estado. Tingnan ang nakalakip na mga tagubilin para sa impormasyon kung paano matukoy ang pagiging angkop sa mababang kinikita.

Kung nasasapatan ng aplikante ang panukatang ito i-tsek ang "Oo" para patunayan ang katayuang ito. Kung hindi kwalipikado ang aplikante bilang may "mababang kita," lagyan ng tsek ang "Hindi."

Pinapatotohanan ko na ang kabuuang pinagsamang kabuuang kinikita ko at ng lahat na taong higit sa edad na 18 na naninirahan sa aking tirahan at may kaugnayan sa akin sa pamamagitan ng dugo, kasal, o pag-aampon ay hindi lalampas sa 80% ng median na kita ng Estado.

Mag-tsek ng isa: Oo Hindi

Seksiyon 6: Awtorisasyon

ANG SERTIPIKASYONG ITO AY DAPAT LAGDAAN NG BUMILI NG SASAKYAN NA PAKSA NG APLIKASYONG ITO. ANG MGA APLIKASYON NA WALANG NILAGDAAN NA SERTIPIKASYON AY ITUTURING NA HINDI KUMPLETO AT TATANGGIHAN. ANUMANG TAO NA ALAM NA GUMAGAWA NG MALI, HINDI MAKATOTOHANAN, O PANLINLANG NA MATERYAL NA PAHAYAG, NANG PASALITA O SA PAGSULAT, SA ILLINOIS EPA AY NAKAKAGAWA NG CLASS 4 NA KRIMEN. ANG IKALAWA O KASUNOD NA PAGKASASALA PAGKATAPOS MAHATULAN AY ISANG CLASS 3 NA KRIMEN (415 ILCS 5/44(H)).

PINAPATOTOHANAN KO SA BISA NG PARUSA NG BATAS NA, BATAY SA IMPORMASYON AT PANINIWALA NA NABUO PAGKATAPOS NG MAKATUWIRANG PAGTATANONG, ANG MGA PAHAYAG AT IMPORMASYON NA NILALAMAN SA APLIKASYONG ITO AY TOTOO, TUMPAK AT KUMPLETO.

Lagda ng Aplikante: _____ Naka-print na Pangalan: _____ Petsa: _____

Ang mga rebata sa ilalim ng programang ito ay nakasalalay sa pagkahanda ng pondo.

PROGRAMANG REBATE NG ILLINOIS PARA SA MGA ELECTRIC NA SASAKYAN MGA TAGUBILIN PARA SA APLIKASYON

ADDRESS NG KOREO

Ang aplikasyon sa rebate kasama ang kinakailangang impormasyon at dokumentasyon ay dapat na i-print at ipadala sa Illinois EPA. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyong ginawa sa pamamagitan ng fax, email o personal na dinala. Ang mga aplikasyon ay dapat ipadala sa address sa ibaba at nagtataglay ng postmark.

**Illinois Environmental Protection Agency
Electric Vehicle Rebate Program MC #40
P.O. Box 19276
Springfield, Illinois 62794-9276**

DEADLINE NG APLIKASYON

Ang aplikasyon sa rebate ay dapat na naka-postmark sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng pagbili ng sasakyan.

at

Ang aplikasyon sa rebate ay dapat na naka-postmark sa o bago ang katapusan ng siklo ng rebate, sa Setyembre 30, 2022.

KINAKAILANGANG PAGKAKUMPLETO

Ang lahat na impormasyong hinihiling sa aplikasyon ay dapat ibigay sa nababasang paraan. Ang mga aplikasyon na hindi mabasa, hindi kumpleto o nahuli ay tatanggihan.

PAGKAKARON NG PONDO

Ang lahat na aplikasyon para sa rebate ay nakasalalay sa pagkahanda ng pondo.

APLIKASYON

Seksiyon 1: Impormasyon ng Aplikante

- Ibigay ang iyong pangalan, pisikal na address ng kalye (**hindi puwede** ang P.O. Box), email address (kung mayroon), at ang iyong pang-araw na telepono o numero ng cell phone. Ibigay ang iyong address ng koreo kung iba sa pisikal na address. Ang pisikal na address na ito ay gagamitin para kumpirmahin ang rekisito sa paninirahan sa Illinois. Dito rin ipapadala ng comptroller ang anumang tseke ng rebate maliban kung magbibigay kang ibang address ng koreo kung saan iyon ang magiging lokasyon na papadalhan ng anumang tseke ng rebate. Ang numero ng cell phone ay para sa mga layunin ng pakikipag-ugnayan kung kinakailangan.
- Suriin ang bawat isa sa mga pahayag na kinikilala na nauunawaan at natutugunan mo ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng programa para makatanggap ng rebate.

Seksiyon 2: Impormasyon ng Sasakyan

- Tingnan kung ang aplikasyong ito ay para sa electric na sasakyan o electric na motorsiklo
- Tingnan kung bumili ka ng BAGO o GAMIT NA/PRE-OWNED na electric na sasakyan o electric na motorsiklo mula sa isang dealer sa Illinois

- Ilagay ang petsa ng pagbili ng sasakyan
- Ilagay ang Make (may-gawa), Modelo, at Taon ng Modelo ng sasakyan o motorsiklo
- Ilagay ang buong Vehicle Identification Number (VIN)

Seksiyon 3: Impormasyon ng Dealership

Ang Seksiyon na ito ay dapat punan ng nagbentang dealership sa Illinois. Ilagay ang pangalan ng dealership, ang numero ng lisensya ng dealership na ibinigay ng Illinois Secretary of State, at ang address at numero ng telepono ng dealership. Ang lagda at naka-print na pangalan ng isang kinatawan ng dealership ay kailangan para patunayan na ang impormasyon sa Seksiyon 2 at 3 ng aplikasyon ay totoo at tumpak.

Seksiyon 4: Documentation

Suriin ang bawat pahayag para matiyak na ang mga kinakailangang dokumento at mga form ay kasama sa aplikasyon. Ang mga nababasang kopya ng mga dokumento ay katanggap-tanggap.

Ang mga link sa kinakailangang IRS W-9 Form (kung mayroon kang social security number) at IRS W-8 Form (kung mayroon kang taxpayer identification number) ay ibinibigay sa website. Kailangan ng Office of the Illinois Comptroller ng social security number ng isang indibidwal o isang taxpayer identification number para iproseso ang pagbabayad at magbigay ng tseke ng estado. Ang aplikasyon ay hindi mapoproseso nang walang napunang W-9 o W-8, at kung gayon ay ituturing na hindi kumpleto at tatanggihan.

Tandaan: Ang impormasyon ng IRS W-9 o IRS W-8 ay dapat tumugma sa impormasyong nasa file sa IRS. Ang mga tseke ng rebate na ibinigay ng Comptroller ay ipapadala sa address na iyon, na dapat ay ang pisikal o address ng koreo na ibinigay sa Seksiyon 1 ng aplikasyon.

Seksiyon 5: Sertipikasyon ng Mababang Kinikita

Tinutukoy ng mga regulasyon ng Rebate ng Electric na Sasakyan ang "mababang kinikita" bilang mga tao at pamilya na ang kinikita ay hindi hihigit sa 80% ng median na kita ng Estado para sa taon ng pananalapi ng Estado, gaya ng itinatag ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pang-tao (Department of Health and Human Services) ng U.S. Ibinibigay din ng mga regulasyon na para maging kuwalipikado bilang "mababang kinikita," ang kabuuang pinagsamang kabuuang kinikita ng aplikante at ng lahat na taong higit sa edad na 18 na nakatira sa tirahan ng aplikante at nauugnay sa aplikante sa pamamagitan ng dugo, kasal, o pag-aampon ay hindi maaaring humigit sa 80% ng Median na kinikita ng estado.

Ang bilang ng sambahayan ng aplikante ay tutukuyin bilang isang yunit ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng aplikante at ng sinumang indibidwal o grupo ng mga indibidwal na nakatira kasama ng aplikante, na maaaring kasama ang mga taong wala pang 18 taong gulang at mga taong walang kaugnayan sa aplikante sa pamamagitan ng dugo, kasal, o pag-aampon.

Ang antas ng kinikita ng aplikante ay tutukuyin sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng pinagsamang kabuuang kinikita ng aplikante at ng lahat ng tao na lampas sa edad na 18 na naninirahan sa tirahan ng aplikante at may kaugnayan sa aplikante sa pamamagitan ng dugo, kasal, o pag-aampon.

Pagkatapos matukoy ang bilang ng sambahayan ng aplikante at antas ng kinikita gaya ng naunang nabanggit, hanapin ang naaangkop na kalkuladong bilang ng sambahayan sa talahanayan sa ibaba. Kung ang kinakalkula na antas ng kabuuang kinikita ng aplikante ay nasa o mas mababa sa katumbas na antas ng antas ng kinikita, ang aplikante ay ituturing na may mababang kinikita. Halimbawa, ang isang aplikante na ang bilang ng sambahayan ay 3 ay dapat

magkaroon ng antas ng kinikita sa o mas mababa sa limitasyon ng antas ng kinikita na \$68,656 para maituring na may mababang kinikita.

Bilang ng Sambahayan	Antas ng Kinikita
1	\$42,501
2	\$55,579
3	\$68,656
4	\$81,734
5	\$94,811
6	\$107,888
7	\$110,340
8	\$112,792
9	\$115,244
10	\$117,696

Seksiyon 6: Awtorisasyon

Pakibasa ang sertipikasyon ng awtorisasyon at, kung sumasang-ayon, lagdaan, i-print ang pangalan, at lagyan ng petsa ang aplikasyon.

Ang pagkabigong lagdaan ang sertipikasyon ay magiging sanhi ng pagturing sa aplikasyon bilang hindi kumpleto. Ang pagka-hindi kumpleto nito ay magresulta sa pagtangga sa aplikasyon.